

**GIYA UKOL SA PAMBANSANG SERBISYONG PANGKALUSUGAN  
(Health Care Service), PROGRAMA AT SUPORTA NG GOBYERNO  
PARA SA MGA DAYUHANG MANGGAGAWA AT NAKALINGATANG  
MAMAMAYAN NG KOREA**

**1. Layunin ng Proyekto**

- Ang mabigyan ng Pangkalusugang Seguridad ang mga dayuhang manggawawa at iba pang mamamayan na nakalingatan (neglected class of people) na naninirahan sa loob ng bansang Korea na walang tinatangap na Benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan (Health Care Benefit) at mapagkakalooban sila ng Serbisiyong Pangkalusugan (Medical Service) bilang isang likas na karapatang pangtao.

**2. PINATUTUNGKULAN NG PROYEKTO**

- Ang proyektong ito ay inaalay sa mga pasyenteng manggagawa na walang kwalipikasyong makakuha ng pambansang Health Insurance, mga pasyenteng manggagawang nasa bansang Korea sa humigit na 90 araw, at may isa o higit pa sa mga sumusunod na kondisyon:

Bahagi	Sino ang Pinatutungkulan ng Proyekto at mga Kondisyon	Kailangang dokumento		Kailangang Bisa (Related Visa)
<b>Mga Dayuhang Manggagawa at kanilang mga anak</b>	Mga nakapagtapos ng kontrata ng trabaho ngunit nasa loob pa rin ng bansang Korea, at mga kasalukuyan pa ring nagtatrabaho dito	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pasaporte</li> <li>• alien registration card</li> <li>• kontrata ng tirahan (lease contract of residence)</li> <li>• Patunay ng saksi (na sya ay nakapagtabaho o nagtatrabaho sa korea)</li> </ul>	Maghanda ng higit sa isa sa mga ito	<ul style="list-style-type: none"> <li>• D-3, D-4, E-6, E-9, E-10</li> <li>• B-1, B-2, C-2, C-3, H-2 :</li> </ul> Katibayan ng Pagtatrabaho
	Mga anak ng manggagawa na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• &lt;mga dagdag&gt; Family Registration ng mga magulang (Parent's statement of family registration) (katibayan ng relasyon)</li> </ul>		

<b>Kababaihang nakapag-asawa ng Koreano bago mapagkalooban ng Korean Nationality, at kanilang mga anak</b>	Mga dayuhang babaeng <u>legal</u> na asawa ng Koreano(hindi kasali ang mga “live-in” partners) na hindi makatanggap ng serbisyo dahil sa sya ay tumakas, o umalis sa tirahan nilang magasawa na walang pahintulot mula sa kanyang asawa	<ul style="list-style-type: none"> <li>• pasaporte</li> <li>• family registration</li> <li>• pruwera na hindi nagsasama ang mag-asawa</li> </ul>	
	Mga anak ng mga kakabaihan na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• &lt;mga dagdag&gt; Family Registration ng mga magulang (Parent’s statement of family registration) (katibayan ng relasyon)</li> </ul>	
<b>Mga takas ng ibang bansa (refugee) at kanilang mga anak</b>	Mga takas na may hawak na patotoo at pagtanggap mula sa gobyerno, (kasama ang mga naghihintay ng desisyon ng gobyerno), at iba pang taong naagrabyado ang karapatang pangtao na may kahawakang permiso ng paninirahan (residence permit)	<ul style="list-style-type: none"> <li>• alien registration card</li> </ul>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• F-2-2, F-2-4, G-1-F, G-1-6 G-1-E, G-1-5</li> </ul>
	Mga anak ng mga takas na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos	<ul style="list-style-type: none"> <li>• &lt;mga dagdag&gt; Family Registration ng mga magulang (Parent’s statement) (katibayan ng relasyon)</li> </ul>	

### 3. Detalye ng Suporta

– Ang pagbabayad sa mga sumusunod na pagpapagamot o pagkonsulta na hindi hihigit sa halagang 5 million Won ay maaring masuportahan, (maliban sa mga sakit at espesyal na pagpapatingin na hindi sakop ng regular na Health Care/Medical Care Insurance):

- ① pamamalagi sa ospital (hospitalization) at operasyon na hindi nangangailangan ng pananatili sa ospital (outpatient surgery) (simpleng paggagamot para sa mga sa pasyenteng may 18 anyos pataas, hindi kasali ang mga eksaminasyon klinikal)
- ② konsultasyon para sa mga nagdadalantao (prenatal check up) (\* ang benepisyong ito ay posible lamang makamtan ayon sa ilalathalang anunsyo ng Ministry of Health and Welfare)
- ③ aksidente sa trabaho (industrial accidents) sa mga maliliit na kompanya at pagawaan o pabrika
- ④ mga simpleng paggagamot na hindi nangangailangan ng pananatili sa ospital (outpatient treatment) para sa mga anak ng manggagawa na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos, mga anak ng mga kababaihan na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos , mga anak ng mga takas na nabanggit sa itaas na may edad na hindi hihigit sa 18 anyos

#### 4. Talaan ng Daloy ng Suporta (Support Flow Chart)

- ① Pagbisita sa anumang Tanggapan ng Proyekto para sa Pangangalaga ng Kalusugan (Medical Institution)
- ② Sumangguni sa kinauukulan (upang mapagdesisyunan kung ang pasyente ay makatatanggap o hindi ng serbisyo at suporta)
- ③ Pagpapaospital at Pagpapagamot (kasama ang outpatient na pagpapagamot ng mga anak ng makakatanggap ng serbisyo)
- ④ Paglabas ng ospital o discharge
- ⑤ Pag-aayos ng mga gastusing medical (ng Siudad ng Busan)

#### 5. Mga Mapagkukunan ng Tulong

Para sa mga karagdagang impormasyon, sumangguni sa

- ① Busan Medical Center: medical team (☎ 051-888-2812)
  - ② Busan University Hospital: Social Work Team (☎ 051-240-7494)
  - ③ Planned Population Federation of Korea Busan Branch Planned Parenthood Federation of Korea : Customer Support Team (☎ 051-638-6906)
  - ④ Korean Foundation for Healthcare Good Samseon Hospital : Welfare Office (☎ 051-310-9207)
- ※ Busan City : Health and Sanitation Office (☎ 051-888-2812)

#### 6. Serbisyong Pagsasalin ng Wika

– May libreng serbisyo para sa mga mag-aaplay at hihiling ng pagsasalin ng wika. Tumawag lamang sa anumang tanggapan pangkalusugan at sumanggani.

※ ang proyektong nabanggit ay mula sa Pondong Pantaguyod ng Ministry of Health and Welfare at ng Lokal na Gobyerno ng Busan